REPUBLIKA NG PILIPINAS
# PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA
KALAKHANG MAYNILA

Sangguniang Panglungsod

## KAPASIYAHAN PANLUNGSOD BILANG 01-313

**KAPASIYAHAN NA PINAGTITIBAY NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MUNTINLUPA ANG ALTERASYON NG PINAGTIBAY NA SUBDIVISION PLAN NG SOUTH SUPERVILLE SUBDIVISION NA MATATAGPUAN SA BARANGAY PUTATAN, LUNGSOD NG MUNTINLUPA.**

*************************************************************************

Ipinanukala nina:
Kgg. Jo Jason T. Alcaraz
Kgg. Mario E. Bulay, Jr.
Kgg. Bal Niefes
Kgg. Patricio L. Boncayao, Jr.
Kgg. Lucio B. Constantino
Kgg. Aldrin L. San Pedro
Kgg. Raul R. Corro
Kgg. Nicanor L. Echavez, MD.
Kgg. Victor L. Ulanday
Kgg. Dante S. Almario
Kgg. Elmer S. Espeleta
Kgg. Reynaldo A. Abas, Jr.
Kgg. Allan Rey A. Camilon
Kgg. Artemio A. Simundac

*************************************************************************

**SAPAGKAT,** si ***G. Juanito R. Soriano,*** developer ng **South Superville Subdivision,** na matatagpuan sa ***Barangay Putatan, Lungsod ng Muntinlupa,*** ay humihiling sa Pamahalaan Lungsod ng Muntinlupa na mabigyan ng kapahintulutan na magkaroon ng alterasyon ang subdivision plan ng nasabing Subdivision.

**SAPAGKAT,** ang hinihiling na alterasyon sa subdivision plan ay ang pagpalit ng isang bahagi ng ***"open space"*** na may sukat na isangdaan animnapu at isa na metro kuwadrado (161 sq.m.) at gawin itong daanan o "right-of-way" ng katabing lupain na nasa labas ng South Superville Subdivision;

**SAPAGKAT,** ang nasabing pag-papalit mula ***"open space"*** patungong ***"road lot"*** ay hindi lalabag sa pinakamababang sukat na itinadhana ng batas ukol sa ***"open space"*** ng subdivision;

**SAPAGKAT,** ang mga naninirahan sa **South Superville Subdivision**, sa pamamagitan ng kanilang Homeowners Association ay namamayagan sa hinihiling na alterasyon na gagawing **"road lot"** ang isangdaan animnapu at isa na metro kuwadradong (161 sq.m.) "open space";

**SAPAGKAT,** ang pamamayagan ng ***South Superville Homeowners Association*** sa nasabing alterasyon ay pinatunayan sa isang kasundaan na may pamagatang **"EASEMENT OF RIGHT OF PASSAGE",** sa pagitan ng kanilang pangulo, ***G, Luis Argana, Jr.,*** at **BGen. Tomas P. Diaz (Ret.),** pangulo ng ***TJ Diaz Realty and Development Corporation,*** may ari ng katabing lupa na binibigyan ng daan;

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

Sangguniang Panglungsod

***Pahina 2***
***Kapasiyahang Panlungsod Blg. 01-313***

**SAPAGKAT,** ang paglagda ni ***G. Luis Argana, Jr.*** sa nasabing kasunduan ay ayon na rin sa kapangyarihang pinagkaloob sa kanya sa pamamagitan ng isang resolusyon ng homeowners association na may bilang **12-01, series 2000;**

**SAPAGKAT,** ang ***South Superville Homeowners,*** Resolution No. 12-01, Series 2000 ay pinatutunayan ni **Bb. Cristeta Nacis,** Sekretarya ng samahaan, sa pamamagitan ng isang **Secretary's Certificate**.

**SAPAGKAT,** sa ilalim ng **Executive Order no. 71** sa pamamagitan ng ***Republic Act no. 7160, o Local Government Code ng 1991,*** ang kapangyarihan ng ***Housing and Land Use Regulatory Board (HLURB)*** na magpatibay ng preliminary at final subdivision plans ng lahat ng subdivisions ay inilipat na sa mga Pamahalaang Lokal o Local Governments Units;

**SAPAGKAT,** alinsunod sa **Republic Act 7160**, partikular ang ***Seksyon 458 (2) (x)***, ang Sangguniang Panlungsod sa Batas ay may ***kapangyarihang magproseso at magpatibay ng mga residensyal, komersyal, o industriyal na gamit at iba pang pagpapaunlad na proyekto;***

**SAPAGKAT,** itinatadhana rin ng **Kautusang Panlungsod 91-39** ng ***Lungsod ng Muntinlupa*** ang kapangyarihan ng Sanggunian na magpatibay ng mga Subdivision Plan;

**SAPAGKAT,** ang kapangyarihan ng Sanggunian Panlungsod ng Muntinlupa na magpatibay ng Subdivision Plans ay nangangahulugan din ng kapangyarihan na baguhin ang mga pinagtibay na Subdivision Plans;

**SAPAGKAT,** si **G. Juanito R Soriano** ay nagsumite ng mga dokumento alinsunod sa hinihingi ng batas upang ang hinihiling niyang alterasyon ng subdivision plan ng South Superville Subdivision ay mapagtibay ng Sangguniang Panlungsod;

**SAPAGKAT,** matapos ang masusing pag-aaral sa mga dokumentong isinumite at dahil na rin sa rekomendasyon nang Panlungsod na Administrador ng Pagsona, nararapat na pagtibayin ang nasabing alterasyon na ginagawang **"road lot"** ang isangdaan animnapu at isa na metro kuwadradong (161 sq.m.) "open space" sa loob ng South Superville Subdivision;

**NGAYON, DAHIL DITO,** sa bisa ng kapangyarihang inilipat sa Sangguniang Panlungsod na tungkulin ng Housing and Land Use Regulatory Board **(HLURB)**, ay buong pagkakaisang pinagtitibay ng Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa ang *alterasyon ng subdivision plan* ng South Superville Subdivision na matatagpuan sa Barangay Putatan, Lungsod ng Muntinlupa.

**PINAGTIBAY,** ng ***Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa*** ngayong **ika-14 ng Pebrero, 2001**, sa kanilang ***ika-114 Regular na Sesyon.***

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines
Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196

***Pahina 3***
***Kapasiyahang Panlungsod Blg. 01-313***

**SINANG-AYUNAN:**

**ALDRIN L. SAN PEDRO**
*Konsehal*

**VICTOR L. ULANDAY**
*Konsehal*

**Mggl. RAUL R. CORRO**
*Konsehal*

**DANTE S. ALMARIO**
*Konsehal*

**Mggl. JO JASON T. ALCARAZ**
*Konsehal*

**ELMER S. ESPELETA**
*Konsehal*

**Mggl. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**
*Konsehal*

**REYNALDO A. ABAS, JR.**
*Konsehal*

**BAL NIEFES**
*Konsehal*

**LUCIO B. CONSTANTINO**
*Konsehal*

**DR. NICANOR L. ECHAVEZ**
*Konsehal*

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Samahan ng mga Punongbarangay

**ALLAN REY A. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sang. Kabataan

**LIBAN:**

**MARIO E. BULAY, JR.**
*Konsehal*

REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**

***Pahina 4***
***Kapasiyahang Panlungsod Blg. 01-313***

**PINATOTOTOHANAN,** ko ang katumpakan ng Kapasiyahang ito.

**CECILIA C. LAZARTE**
*Kalihim*
**Sangguniang Panlungsod**

**PINATUTUNAYAN:**

**VICENTE Y. CHUA**
*Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal*

**PINAGTIBAY:**

**Mggl. JAIME R. FRESNEDI**
***Punonglungsod***
***Petsa:*** ________

***Norie/ssv***

City Hall of Muntinlupa
National Road, Putatan, Muntinlupa City, Philippines
Tel. Nos. 842-27-11 * 842-23-77
Fax No. 8426196